# *Huwag Matakot Yugto 1*

Ang Salita ng Dios ay humihikayat sa atin at inaaliw tayo sa ating buhay habang dumadaan tayo sa mga pagsubok at iba't ibang pangyayari na ipinataw na mga banta sa atin na kailangan nating pangasiwaan, mga hamon na dapat nating harapin, o mga gawain na dapat nating kamitin. Ang Banal na Kasulatan ay puno niyon, at gaya ng babasahin at tatalakayin mahihikayat at mapapanariwa at mapupukaw tayo sa Salita ng Dios n na magpatuloy at gawin ang Kanyang gawain at ipamuhay ang ating buhay sa Kanya.

***1. "1 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay dumating ang salita ng PANGINOON kay Abram sa pangitain na nagsasabi, Huwag kang matakot, Abram: ako ang iyong kalasag, at ang iyong ganting pala na lubhang dakila. 2 At sinabi ni Abram, Oh P ANGINOONG Dios, anong ibibigay mo sa akin, kung ako'y nabubuhay na walang anak at ang magaari ng aking bahay ay itong taga Damascong si Eliezer? 3 At sinabi ni Abram, Narito, hindi mo ako binigyan ng anak at, narito't isang ipinanganak sa aking bahay ang siyang tagapagmana ko. 4 At, narito, ang salita ng P ANGINOON ay dumating sa kaniya, na nagsabi, Hindi ang taong ito ang magiging tagapagmana mo; kundi lalabas sa iyong sariling katawan ang magiging tagapagmana mo. 5 At siya'y inilabas at sinabi, Tumingala ka ngayon sa langit, at iyong bilangin ang mga bituin, kung mabibilang mo: at sa kaniya'y sinabi, Magiging ganiyan ang iyong binhi." (Genesis 15:1-5 KJV)*** Nang tinawag ng Dios si Abram siya nasa gulang ng pitumpo't limang taong gulang. Ipinangako ng Dios sa kanya ang sumusunod: ***"2 At gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking pagpapalain, at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang kapalaran: 3 At pagpapalain ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo: at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa." (Genesis 12:2-3 KJV)*** Ngunit pagkatapos ng isang makabuluhang panahon ng paglakad kasama ang Dios, nag-alala at natakot si Abram na baka hindi matupad ang ipinangako ng Dios sa kanyang buhay dahil wala pa siyang anak. Ngunit pinanatag siya ng PANGINOON at tiniyak na magkakaroon siya ng anak at sa anak na iyon ay tutuparin ng Dios ang kaniyang ipinangako kay Abram. Ganito rin para sa iyo, maaaring wala kang mga anak o kahit pamilyang kasama, ngunit huwag matakot at magtiwala sa Kanya na kayang-kaya Niyang tuparin at makamit para sa iyo ang Kanyang ipinangako.

***2. "17 At narinig ng Dios ang tinig ng bata; at tinawag ng anghel ng Dios si Agar, mula sa langit, at sa kaniya'y sinabi, Naano ka Agar? Huwag kang matakot; sapagka't narinig ng Dios ang tinig ng bata sa kinalalagyan." (Genesis 21:17 KJV)*** Pinalayas si Agar kasama ng kanyang anak na si Ismael tulad ng iniutos ng Dios kay Abraham na gawin na gaya ng mababasa natin dito: ***"14 At nagbangong maaga sa kinaumagahan si Abraham, at kumuha ng tinapay at ng isang bangang balat ng tubig, at ibinigay kay Agar, na ipinatong sa kaniyang balikat, at ang bata at siya ay pinapagpaalam, at siya'y nagpaalam at naggala sa ilang ng Beerseba, 15 At naubos ang tubig sa bangang balat, at kaniyang inilapag ang bata sa ilalim ng isa sa mababang punong kahoy." (Genesis 21:14-15 KJV)*** Ito ay napasakit kay Agar na makita ang kanyang ana ay mamatay sa harap ng kanyang paningin, ***"16 At yumaon at naupo sa tapat niya, na ang layo ay isang hilagpos ng pana; sapagka't sinabi niya, Huwag kong makita ang kamatayan ng bata. At naupo sa tapat, at naghihiyaw at umiyak." (Genesis 21:16 KJV)*** Sa mismong sandaling iyon, nakialam ang Dios at nagpakita Siya kay Agar nang Siya ay magpadala ng Kanyang Salita at sinabi sa kanya, ***"17 At narinig ng Dios ang tinig ng bata; at tinawag ng anghel ng Dios si Agar, mula sa langit, at sa kaniya'y sinabi, Naano ka Agar? Huwag kang matakot; sapagka't narinig ng Dios ang tinig ng bata sa kinalalagyan. 18 Magtindig ka, iyong itayo ang bata, at alalayan mo siya ng iyong kamay; sapagka't siya'y gagawin kong isang bansang malaki. 19 At idinilat ng Dios ang kaniyang mga mata, at siya'y nakakita ng isang balon ng tubig: at naparoon at pinuno ng tubig ang bangang balat, at pinainom ang bata. 20 At ang Dios ay sumabata, at siya'y lumaki; at tumahan sa ilang at naging mamamana. 21 At nanahan siya sa ilang ng Paran: at ikinuha siya ng kaniyang ina ng asawa sa lupain ng Egipto." (Genesis 21:17-21 KJV)*** Ang katulad sa atin ngayon, ***"huwag matakot"***, kahit na ikaw ay tinanggihan at itinapon at ikaw ay nag iisa na may malaking pananagutan, ***"huwag matakot"***, ang Dios ay nasa tabi mo at kaya ka Niyang aalalayan at alalayan ang iyong pamilya at akayin ka sa ligtas at masaganang daan.

***3. "24 At napakita sa kaniya ang PANGINOON ng gabi ring yaon, at nagsabi, Ako ang Dios ni Abraham na iyong ama: huwag kang matakot, sapagka't ako'y sumasaiyo, at ikaw ay aking pagpapalain, at aking pararamihin ang iyong binhi, alangalang kay Abraham na aking lingkod." (Genesis 26:24 KJV)*** Si Isaac ay anak ni Abraham pinagpala siya ng Dios gaya ng mababasa natin, ***"12 At si Isaac ay naghasik sa lupaing yaon, at umani siya ng taong yaon, ng tigisang daan at pinagpala siya ng PANGINOON 13 At naging dakila ang lalake at lalo't lalong naging dakila hanggang sa naging totoong dakila. 14 At siya'y may tinatangkilik na mga kawan, at mga tinatangkilik na mga bakahan, at malaking sangbahayan: at kinainggitan siya ng mga Filisteo." (Genesis 26:12-14 KJV)*** Ang tagumpay ay nagdulot sa mga taong nakapaligid sa kanya upang kainggitan at sinimulang saktan siya. ***"15 Lahat ng mga balon ngang hinukay ng mga bataan ng kaniyang ama, nang mga kaarawan ni Abraham na kaniyang ama, ay pinagtabunan ng mga Filisteo, na mga pinuno ng lupa. 16 At sinabi ni Abimelech kay Isaac; Humiwalay ka sa amin, sapagka't ikaw ay makapupong***

***matibay kay sa amin. 17 At umalis si Isaac doon, at humantong sa libis ng Gerar, at tumahan doon. 18 At muling hinukay ni Isaac ang mga balon ng tubig na kanilang hinukay nang mga kaarawan ni Abraham na kaniyang ama; sapagka't pinagtabunan ng mga Filisteo, pagkamatay ni Abraham: at kaniyang mga pinanganlan ng ayon sa mga pangalang inilagay ng kaniyang ama. 19 At humukay sa libis ang mga bataan ni Isaac, at nangakasumpong doon ng isang balon ng tubig na bumubukal. 20 At nakipagtalo ang mga pastor ni Gerar sa mga pastor ni Isaac, na sinasabi, Amin ang tubig; at kaniyang tinawag ang pangalan ng balon, na Esec; sapagka't ipinakipagkaalit sa kaniya. 21 At sila'y humukay ng ibang balon; at kanilang pinagtalunan din: at kaniyang tinawag ang pangalan na Sitnah. 22 At bumunot siya roon, at humukay ng ibang balon; at hindi nila pinagtalunan: at kaniyang tinawag ang pangalan na Rehoboth; at kaniyang sinabi, Sapagka't ngayo'y binigyan tayo ng PANGINOON ng kaluwagan, at lalago tayo sa lupain. 23 At mula roon ay umahon siya sa Beerseba." (Genesis 26:15-23 KJV)*** Si Isaac ay inusig at hindi tinatrato nang maayos ng mga tao sa paligid niya dahil sa kanyang tagumpay at sa kanyang pagsisikap na mamuhay para sa Dios. Pero hindi siya iniwan ng PANGINOON. Sinabi niya sa kanya, ***"huwag kang matakot, sapagka't ako'y sumasaiyo, at ikaw ay aking pagpapalain, at aking pararamihin ang iyong binhi"***. At tunay na ang Dios ay sumasa kanya at pinagpala siya gaya ng mababasa natin ang patunay dito: ***"25 At si Isaac ay nagtayo roon ng isang dambana, at kaniyang sinambitla ang pangalan ng PANGINOON, at itinindig niya roon ang kaniyang tolda: at humukay roon ang mga bataan ni Isaac ng isang balon. 26 Nang magkagayo'y si Abimelech ay naparoon sa kaniya mula sa Gerar, at si Ahuzath na kaniyang kaibigan, at si Phicol na kapitan ng kaniyang hukbo. 27 At sinabi sa kanila ni Isaac, Bakit kayo naparirito sa akin, dangang kayo'y nangapopoot sa akin at pinalayas ninyo ako sa inyo? 28 At sinabi nila, Malinaw na aming nakita, na ang PANGINOON ay sumasaiyo: at aming sinabi, Magkaroon ng pagsusumpaan tayo, kami at ikaw at makipagtipan kami sa iyo: 29 Na hindi ka gagawa sa amin ng masama, gaya naman namin na hindi ka namin ginalaw, at wala kaming ginawa sa iyong di mabuti, at pinayaon ka naming payapa: ikaw ngayon ang pinagpala ng PANGINOON." (Genesis 26:25-29 KJV)*** Ang katulad sa iyo ngayon, ang Salita ng Panginoon ay ***"…. huwag kang matakot, sapagka't ako'y sumasaiyo, at ikaw ay aking pagpapalain, at aking pararamihin ang iyong binhi …" (Genesis 26:24 KJV)*** Ang mga pagsubok at hirap na dinaranas mo kasama ng mga tao sa paligid mo ay pansamantala at tiyak na pagpapalain ka ng Panginoon habang ikaw ay nagpipigil, nagtitiwala sa Kanya at namumuhay nang lubos para sa Kanya, at makikita ng lahat ang mga pagpapala ng PANGINOON sa iyong buhay.

Hindi bawat buhay ay madali at puno ng mga rosas. Minsan may mga mahihirap na panahon at pagsubok. Ngunit may espesyal na biyaya ng Dios para sa mga ganitong panahon at ang salita ng Dios ay nagbibigay ng lakas at aliw sa atin sa ating buhay habang tayo ay dumadaan sa mga pagsubok at iba't-ibang sitwasyon na nagdadala ng mga banta na kailangan nating harapin, mga hamon na dapat nating talunin, o mga gawain na kailangan nating makamit. Punung-puno ng mga ito ang Kasulatan at habang tayo ay nagbabasa at tinatalakay, tayo ay mahihikayat, mapapahusay at maeenganyo sa salita ng Dios upang magpatuloy at gawin ang Kanyang gawain at ipamuhay ang ating mga buhay sa Kanya. Ipagpatuloy natin ang pag-aaral ng Kasulatan.

***4. "16 At sila'y naglakbay mula sa Bethel; at may kalayuan pa upang dumating sa Ephrata: at nagdamdam si Raquel, at siya'y naghihirap sa panganganak. 17 At nangyari, nang siya'y naghihirap sa panganganak, na sinabi sa kaniya ng hilot, Huwag kang matakot, sapagka't magkakaroon ka ng isa pang anak na lalake. 18 At nangyari, nang nalalagot ang kaniyang hininga (sapagka't namatay siya), ay kaniyang pinanganlang Benoni: datapuwa't pinanganlan ng kaniyang ama na Benjamin." (Genesis 35:16-18 KJV)*** Nanganak si Raquel sa kanyang pangalawang anak na lalaki at ito ay napaka hirap na panganganak na naging dahilan ng kanyang kamatayan. ***"At nangyari, nang nalalagot ang kaniyang hininga (sapagka't namatay siya), ay kaniyang pinanganlang Benoni:"*** Ang ibig sabihin ng Benoni ay anak ng kaguluhan, ngunit pinangalan ng kanyang ama siya ng Benjamin na ibig sabihin ang anak ng aking kanang kamay. Maaaring tayo'y mapatumba ng mga pangyayari sa buhay ngunit habang tayo'y nagsisilang ng mga bagong anak at tinuturuan sila ng mga pamamaraan ng Panginoon at habang nagpapatuloy tayo sa paggawa ng mga bagong alagad, hindi tayo kailangang matakot. "***Huwag kang matakot, sapagka't magkakaroon ka ng isa pang anak na lalake."*** Oo ikaw ay magkaroon ng ibang alagad para sa Panginoon, kaya, ***"Huwag kang matakot"***

***5. "1 At si Israel ay naglakbay na dala ang lahat niyang tinatangkilik, at napasa Beerseba, at naghandog ng mga hain sa Dios ng kaniyang amang si Isaac. 2 At kinausap ng Dios si Israel sa mga panaginip sa gabi, at sinabi, Jacob, Jacob. At sinabi niya, Narito ako: 3At kaniyang sinabi, Ako'y Dios, ang Dios ng iyong ama, huwag kang matakot na bumaba sa Egipto: sapagka't doo'y gagawin kitang isang dakilang bansa: 4 Ako'y bababang kasama mo sa Egipto; at tunay na iaahon kita uli, at ipapatong ni Jose ang kaniyang kamay sa iyong mga mata." (Genesis 46:1-4 KJV)*** Si Jacob na pinangalanan ng Panginoon na Israel ay malapit nang lumipat kasama ng kanyang mga anak at kanilang mga pamilya sa Egipto upang makasama ang kanyang anak na si Jose dahil sa matinding taggutom sa lupain. Natural, maaaring nag-aalala at may mga agam-agam siya habang siya ay lumilipat sa bagong lugar para sa pamumuhay at paninirahan at kailangan niyang kumilos. Samakatuwid, ito ay pinagtibay ng Panginoon sa kanya, ***"huwag kang matakot na bumaba sa Egipto;"***

Hinimok siya ng Dios na magpatuloy para sa susunod na yugto ng kanyang buhay upang ipagpatuloy ang magandang plano ng Dios para sa kanya sa pagtitiyak sa kanya ng mga sumusunod:

***A. "sapagka't doo'y gagawin kitang isang dakilang bansa:"*** Pinagtibay ng Dios sa kanya na ang layunin ang paunang pananaw ay hindi mawawala kundi matatamo.

***B. "Ako'y bababang kasama mo sa Egipto";*** Hindi siya papabayaan ng Dios; kundi siya'y sasamahan ng Dios.

***C. "at tunay na iaahon kita uli,"*** Tutuparin ng Dios kay Jacob kung anong ipinangako Niya sa kanya, na dadalhin niya ang Israel pabalik sa lupain ng Canaan. Ang kapareho sa iyo, kung ikaw ay humahantong na sa isang tiyak na pagbabago sa iyong buhay, hindi mo kailangang matakot na pumunta at lumipat sa ilang mga lugar dahil ang Panginoon ay nangunguna sa iyo. Hindi ka Niya iiwan o pababayaan, at tiyak na tutuparin Niya sa iyo ang Kanyang ipinangako sa iyo.

***6. "13 At sinabi ni Moises sa bayan, Huwag kayong matakot, tumigil kayo, at tingnan ninyo ang pagliligtas ng PANGINOON na gagawin sa inyo ngayon: sapagka't ang mga Egipcio na inyong nakikita ngayon, ay hindi na ninyo uli makikita magpakailan man. 14 Ipakikipaglaban kayo ng PANGINOON, at kayo'y tatahimik." (Exodu 14:13-14 KJV)*** Nang dalhin ng Dios ang Kanyang bayan mula sa Egipto, ang hukbo ni Faraon ay humabol sa kanila at sinundan sila hanggang sa gilid ng dagat. Dito sa gilid ng dagat sinubok ang kanilang pananampalataya. Sobrang takot sila na sila ay malulugmok sa hukbo ni Faraon. Ngunit pinatnubayan sila ni Moises at tiniyak sa kanila na haharapin ng Dios ang sitwasyon gaya ng sinabi Niya sa kanila, ***"Huwag kayong matakot, tumigil kayo, at tingnan ninyo ang pagliligtas ng Panginoon na gagawin sa inyo ngayon: sapagka't ang mga Egipcio na inyong nakikita ngayon, ay hindi na ninyo uli makikita magpakailan man."*** Sa gilid ng dagat, wala nang natira sa kanilang mga kamay kundi ang lubos na pagtitiwala sa Dios para sa kaligtasan. Ang kapareho na maaaring ilapat ngayon. May mga tiyak na pagkakataon na wala tayong magagawa kundi ang magtiwala sa Dios para sa ganap na kaligtasan. Kailangan nating tumayo nang matatag sa pananampalataya na nagtitiwala sa Dios na Siya ang haharap sa wastong paraan sa ating mga kaaway;

***7. "21 Narito, inilalagay ng PANGINOON ninyong Dios ang lupain sa harap mo: sampahin mo, ariin mo, na gaya ng sinalita sa iyo ng PANGINOON, ng Dios ng iyong mga magulang; huwag kang matakot, ni manglupaypay." (Deutronomio 1:21 KJV)*** Hinihikayat ni Moises ang mga tao na magpatuloy at angkinin ang Lupang Pangako na ipinangako ng Panginoon na ibibigay sa kanila upang manirahan, mabuhay, at dumami. Hinihikayat din ni Moises at pinatatag si Josue gamit ang Salita ng Dios. ***"6 Kayo'y magpakalakas at magpakatapang, huwag kayong matakot, ni mangilabot sa kanila; sapagka't ang PANGINOON mong Dios ay siyang yumayaong kasama mo; hindi ka niya iiwan ni pababayaan ka niya." (Deutronomio 31:6 KJV)*** Ang katulad para sa atin ngayon; huwag matakot, ang utos ni Jesus sa atin ay malinaw. ***"19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan." (Mateo 28:19-20 KJV)*** Ang buong mundo ay nasa ating harapan, kaya't tayo ay tinatawag na pumunta at mangaral at manghikayat ng mga bagong alagad para kay Cristo sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng mga landas ng Panginoon at pagbabautismo sa mga nagnanais sumunod kay Cristo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.

***8. "1 At sinabi ng PANGINOON kay Josue, Huwag kang matakot, ni manglumo: ipagsama mo ang buong bayang pangdigma, at bumangon ka, na sumampa ka sa Hai: tingnan mo, aking ibinigay sa iyong kamay ang hari sa Hai, at ang kaniyang bayan, at ang kaniyang siyudad, at ang kaniyang lupain;" (Josue 8:1 KJV)*** Sa labanan sa Jericho, ibinigay ng Dios ang lungsod nang may tagumpay kay Josue, ngunit isa sa kanila, si Achan na anak ni Carmi, ay kumuha ng ilang mga bagay na inialay at itinago ito sa ilalim ng kanyang tolda. Kaya nagalit ang Dios sa mga Israelita. Kaya sa kanilang susunod na paglaban sa Ai, ipinahintulot ng Dios na sila ay matalo sa unang pag ikot sa harap ng kanilang mga kaaway. Ngunit habang si Josue ay umiiyak sa paanan ng Panginoon, ipinakita ang kasalanan at hinarap nang husto ni Josue ang isang nagkasala. Ang ginawa ni Josue upang harapin ang kasalanan ay ikinagalak ng Panginoon at muling nagbigay ng lakas sa Panginoon upang hikayatin si Josue at ang mga Israelita na pumunta at makipaglaban para sakupin ang lungsod ng Ai. Matapos linisin ng bayan ng Dios ang kampo mula sa kasalanan, natuwa ang Dios sa kanila at nagdala sa kanila ng malaking tagumpay. Nagdala iyon ng karagdagang mga tagumpay sa mga Israelita. Lima pang hari kasama ang kanilang mga hukbo ang dumating upang makipaglaban laban sa kanila ngunit tiniyak ng Panginoon kay Josue. ***"8 At sinabi ng PANGINOON kay Josue, Huwag mo silang katakutan: sapagka't aking ibinigay sila sa iyong mga kamay; walang lalake roon sa kanila na tatayo sa harap mo." (Josue 10:8 KJV)*** Tunay na ang kaniang sandataan ay natalo at ang limang hari, at ito ang ginawa ni Josue sa kanila, ***"22 Nang magkagayo'y sinabi ni Josue, Inyong buksan ang bunganga ng yungib, at inyong ilabas sa akin ang limang haring iyan sa yungib. At kanilang ginawang gayon, at inilabas ang limang haring yaon mula sa yungib, ang hari sa Jerusalem, ang hari sa Hebron, ang hari sa Jarmuth, ang hari sa Lachis, ang hari sa Eglon. 24 At nangyari,***

***nang kanilang ilabas ang mga haring yaon kay Josue na ipinatawag ni Josue ang lahat na lalake sa Israel, at sinabi sa mga pinuno ng mga lalaking mangdidigma na sumama sa kaniya, Lumapit kayo, ilagay ninyo ang inyong mga paa sa mga leeg ng mga haring ito. At sila'y lumapit at inilagay ang kanilang mga paa sa mga leeg ng mga yaon. 25 At sinabi ni Josue sa kanila, Huwag kayong matakot, ni manglupaypay; kayo'y magpakalakas at magpakatapang na maigi: sapagka't ganito ang gagawin ng Panginoon sa lahat ninyong mga kaaway na inyong kinakalaban." (Josue 10:22-25 KJV)*** Ang Salita ng Dios ay palaging umaabot sa atin sa tamang oras upang turuan tayo, ituwid tayo, bigyan tayo ng babala at hikayatin tayo na gawin ang tama at makatarungan sa Kanyang paningin. Kailangan nating marinig ang, ***"Huwag matakot"***, habang patuloy tayong naglilingkod sa Kanya at namumuhay para sa Kanya.

***9. "10 At kaniyang sinabi, Pagpalain ka nawa ng PANGINOON, anak ko: ikaw ay nagpakita ng higit na kagandahang loob sa huli kay sa ng una, sa hindi mo pagsunod sa mga bagong tao maging sa dukha o sa mayaman. Kayon, anak ko, huwag kang matakot; gagawin ko sa iyo ang lahat na iyong sinasabi, sapagka't buong bayan ng aking bayan ay nakakaalam na ikaw ay isang babaing may bait." (Ruth 3:10-11 KJV)*** Si Ruth, ayon sa ating kaalaman, ay gumawa ng matibay na desisyon pagkatapos ng pagkamatay ng kanyang asawa na manatili kasama ang kanyang biyenan; nagpasya siyang bumalik kasama ang kanyang biyenan sa kanyang Dios at sa Kanyang bayan. Nang makarating sila sa kanilang lugar sa Bethlehem, nakahanap si Ruth ng trabaho sa bukirin ni Boaz, ang kamag-anak ng kanyang asawa, at siya ay nag-aani sa bukirin pagkatapos ng mga tagaani. Iminungkahi ng kanyang biyenan sa kanya na lapitan si Boaz para sa pag aasawa dahil siya ay kanyang tagapagligtas na kamag anak at iyon ang kalooban ng Dios sa panahong iyon, na kung ang isang miyembro ng pamilya ay namatay na walang anak, dapat pakasalan ng pinakamalapit na kapatid o kamag-anak ng kanyang asawa at ang unang anak ay itatatag sa pangalan ng namatay upang ang kanyang pangalan ay hindi mawala sa mga talaan. Lumapit si Ruth kay Boaz, at talagang sumagot siya sa kanya, ***"huwag kang matakot; gagawin ko sa iyo ang lahat na iyong sinasabi, sapagka't buong bayan ng aking bayan ay nakakaalam na ikaw ay isang babaing may bait."*** Si Ruth ay hindi naghangad ng lalaki kundi ang kalooban ng Dios na maisakatuparan upang siya ay makatanggap ng nararapat sa kanya. Kaya't hindi siya nahiyang ipahayag ang kanyang mga karapatan at ang kalooban ng Dios na matupad sa iba. Ang natutunan natin dito ay hindi tayo dapat mag-atubiling, mahiya o matakot na ipahayag ang ating mga pangangailangan at ang nararapat sa atin ayon sa kalooban ng Dios sa iba. Kahit si Cristo sa krus, upang tuparin ang Kasulatan, humingi Siya ng inumin nang sinabi Niya. ***" Nauuhaw ako." (Juan 19:28 KJV)*** Kaya't dapat tayong maging malinaw ang pagiisip, ***"huwag matakot"***, at magpatuloy upang tuparin ang Kasulatan, at humingi ng nararapat sa atin na makamit.

***10. "7 At nangyari, pagkaraan ng sanggayon, na ang batis ay natuyo, sapagka't walang ulan sa lupain. 8 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya, na sinasabi. 9 Ikaw ay bumangon, paroon ka sa Sarepta, na nauukol sa Sidon, at tumahan ka roon: narito, aking inutusan ang isang baong babae roon na pakanin ka. 10 Sa gayo'y bumangon siya, at naparoon sa Sarepta; at nang siya'y dumating sa pintuan ng bayan, narito, isang baong babae ay nandoon na namumulot ng mga patpat: at tinawag niya siya, at sinabi, Isinasamo ko sa iyo na dalhan mo ako ng kaunting tubig sa inuman, upang aking mainom. 11 At nang siya'y yumayaon upang kumuha, tinawag niya siya, at sinabi, Dalhan mo ako, isinasamo ko sa iyo, ng isang subong tinapay sa iyong kamay. 12 At kaniyang sinabi, Ang Panginoon mong Dios ay buhay, ako'y wala kahit munting tinapay, kundi isang dakot na harina sa gusi, at kaunting langis sa banga: at, narito, ako'y namumulot ng dalawang patpat, upang ako'y pumasok, at ihanda sa akin at sa aking anak, upang aming makain, bago kami mamatay. 13 At sinabi ni Elias sa kaniya, Huwag kang matakot; yumaon ka, at gawin mo ang iyong sinabi, nguni't igawa mo muna ako ng munting tinapay, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak. 14 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoon sa ibabaw ng lupa. 15 At siya'y yumaon, at ginawa ang ayon sa sabi ni Elias: at kumain ang babae, at siya, at ang kaniyang sangbahayan na maraming araw. 16 Ang gusi ng harina ay hindi nakulangan, o ang banga ng langis man ay nabawasan, ayon sa salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Elias." (1 Hari 17:7-16 KJV)*** Ang babaeng nakatagpo ni Elias ay mahirap at wala na siyang pagkain at nasa bingit ng kamatayan. Iminungkahi ni Elias na ibahagi niya ang kanyang pagkain sa kanya, sa simula ay nag-atubili siya ngunit sinabi ni Elias sa kanya ***"Huwag kang matakot; yumaon ka, at gawin mo ang iyong sinabi, nguni't igawa mo muna ako ng munting tinapay, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak. 14 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoon sa ibabaw ng lupa."*** Sumunod siya at tinupad ng Dios ang Kanyang ipinangako at nakatanggap siya ng walang katapusang paglingap mula sa Panginoon. Ganito rin para sa atin; hindi tayo dapat matakot na ibahagi ang ating pagkain sa bayan ng Dios na nangangailangan. Huwag ibahagi ang iyong pagkain, oras, at pera sa mga kaibigan at tao na hindi nangangailangan ng tulong o hindi karapat-dapat nito sa pamamagitan ng mga pagdiriwang at pakikilahok sa mga makamundong pagdiriwang. ***"12 At sinabi rin naman niya sa naganyaya sa kaniya, Pagka naghahanda ka ng isang tanghalian o ng isang hapunan, ay huwag mong tawagin ang iyong mga kaibigan, ni ang iyong mga kapatid, ni ang iyong mga kamaganak, ni ang mayayamang kapitbahay; baka ikaw naman ang kanilang muling anyayahan, at***

***gantihan ka. 13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag, 14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap." (Lucas 14:12-14 KJV)*** Kaya huwag kang matakot na ibahagi ang iyong oras, pera at pagsisikap upang maabot ang mga naligaw at pumunta at gumawa ng mga bagong disipulo at makibahagi sa gawain ng misyon ng Dios.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ipinahayag ng Salita ng Dios, ***"9 Hindi ba kita inutusan? Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang na mabuti; huwag kang matakot, ni manglupaypay: sapagka't ang Panginoon mong Dios ay sumasa iyo saan ka man pumaroon." (Josue 1:9 KJV)*** Pinatibay ng Dios kay Josue nang direkta na Siya ay magiging kasama niya saan man siya magpunta. * Sa parehong paraan, huwag matakot, ang Dios ay hindi tayo iiwan o pababayaan bilang isang simbahan at ang Kanyang mga alagad sa ating misyon na paglingkuran Siya. * Kaya't magpakatatag upang harapin ang mga pangyayari at pagsubok sa buhay dahil hindi ka nag-iisa, ang Dios ay kasama mo kaya huwag matakot na sumunod sa Dios kundi maging handang sundin ang Kanyang Salita at isakatuparan ang Kanyang kalooban at lalo Siyang gagantimpalaan ka.

Manalangin tayo ….

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong nakapagpapalakas na Salita sa akin at sa malinaw na paraan ng buhay na itinakda mo sa akin. Panginoon, salamat sa mga aral, mga pagwawasto at mga paalala na natanggap namin sa mensaheng ito.*

*Magsisi at isuko ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa iyong kakulangan ng pananampalataya at pagtitiwala sa Dios. Magsisi sa lahat ng iyong mga takot at alalahanin. Isuko ang lahat ng mga dios-diosan, ang mga tradisyonal at relihiyosong kaugalian na nakakaugnay sa iyong lumang buhay. Magsisi sa iyong pagnanasa at mga immoralidad at sa natitirang mga gawa ng laman. Magsisi sa iyong kawalang-kayang mag-sakripisyo para kay Cristo at sumunod sa Kanyang kalooban at sa plano na inihanda Niya para sa iyo. Magsisi sa iyong kawalang-kayang talikuran ang mga mabuting gawa na inihanda ng Dios para sa iyo. Magsisi sa pagkikisama sa maraming kaibigan at sa Media. Panginoon, ako'y nagsisisi at tinatalikuran ang mga sumusunod na kasalanan ______________________________.*

*Panginoon alisin mo ang lahat ng aking mga takot at tulungan akong magtiwala sa iyo at maniwala nang higit sa iyo, sa iyong Salita, at sa iyong tunay na presensya sa aking buhay. Panginoon, inaalay ko sa iyong kamay ang sumusunod na problema na iyong lulutasin _____________________________. Panginoon, iniaalay ko ang aking buhay upang lumakad nang buong-buo sa iyong katotohanan at sa iyong mga paraan upang ang iyong mabuting plano para sa akin ay matupad. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay upang paglingkuran ka at gawin ang iyong kalooban at ang mga mabubuting gawain na inihanda mo para sa kanila. Panginoon, protektahan mo sila at ipagkaloob ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon, lutasin mo ang kanilang mga problema at patuloy na gabayan at hikayatin sila upang magpatuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon tulungan mo kami bilang isang simbahan at ihandog ang iyong Banal na Espiritu upang ipagpatuloy ang pagpapahayag ng iyong Salita at ng iyong kalooban sa mga tao. Panginoon, inilalaan namin sa iyo ang sumusunod na problema na iyong lulutasin _________________________. Panginoon, gabayan mo kami upang tulungan ang mga nangangailangan at hikayatin sila sa pamamagitan ng iyong Salita. Panginoon, puspusin mo kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga Espiritwal na kaloob na kailangan namin sa aming mga buhay upang ipagpatuloy ang pagpapalaganap ng evangelio, gumawa ng mga disipulo at sanayin ang mga manggagawa upang magpatuloy na magtanim ng higit pang pag-aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com